

Advisory Blg. **150**, s. 2021
Nobyembre 9, 2021

Ayon sa pagpapatupad ng DepEd Order (DO) No. 8, s. 2013 ang *advisory* na ito ay hindi pag-eendorso, ayon naman sa DO 28, s. 2001, ito ay isang impormasyon lamang para sa mga opisyal, at kawani ng Kagawaran ng Edukasyon, at ng mga mamamayan.
(Bisitahin ang deped.im/ro8issuances)

IKA-45 PAMBANSANG KUMPERENSIYA SA SIKOLOHIYANG PILIPINO


Ang Pambansang Samahan sa Sikolohiyang Pilipino, katuwang ang UP Visayas Tacloban College-Division of Social Sciences (UPVTC-DSS) ay magdaraos ng Ika-45 Pambansang Kumperensya sa Sikolohiyang Pilipino na may temang, "#TindogTayo: Pagbangon at Paninindigan para sa Sarili, Kapwa, at Bayan" sa 25- 27 ng Nobyembre 2021.

Para sa karagdagang impormasyon, sumangguni sa kalakip na liham.

Ang partisipasyon ng mga guro at mag-aaral sa pampubliko at pampribadong paaralan ay dapat naayon sa *no-disruption-of-classes policy* na nakasaad sa DepEd Order No. 9, s. 2005 na may pamagat na *Instituting Measures to Increase Engaged Time-on-Task and Ensuring Compliance Therewith*.

Dahil sa ito ay isa lamang advisory, ang lahat na Pansangay na Tagapamanihala ay binibigyang kalayaan na magbigay nga karampatang pagdedesisyon ukol dito.

CLMD-DGA
DepEd RO8 ATA-F21 (CY2018-v03-r00)





PAMBANSANG SAMAHAN SA SIKOLOHIYANG PILIPINO

(National Association for Sikolohiyang Pilipino, Inc.)


4A Alcal Building 285 Katipunan Avenue, Loyola Heights, Quezon City

Telefax: (02) 7255-7483 | E-mail: pssp-online@gmail.com

Website: www.pssp.org.ph

f t i y pssp-online

000481



LUPON NG MGA KADIWA (BOARD OF TRUSTEES) 2020-2021

Pangulo

Jose Antonio R. Clemente
Unibersidad ng Pilipinas Diliman

Pangalawang Pangulo
Darren E. Dumaop
Pamantasang De La Salle

Kalihim

Danielle P. Ochoa
Unibersidad ng Pilipinas Diliman

Ingat-Yaman

Michael David Tan Lopez
Unibersidad ng Santo Tomas

Mga Kasapi

Hadji A. Balajadia
Pamantasang Ateneo de Davao

Henmar C. Cardino
Unibersidad ng Santo Tomas

Ricardo A. Clores
Pamantasang De La Salle

Carl O. Dellomos
Pamantasang Normal ng Pilipinas

Roberto E. Javier, Jr.
Pamantasang De La Salle

Argel B. Masanda
Central Luzon State University

Florabel S. Suarez
Central Philippine University

Homer J. Yabut
Pamantasang De La Salle

Ex-Officio

Jay A. Yacat
Unibersidad ng Pilipinas Diliman

Glenmark B. Villanueva
Pangulo, TATSULOK

Sekretaryat

Kenneth Carlo L. Rives
Maristela F. Talampas

Pangulong Tagapagtatag
Virgilio G. Enriquez (+)
Ama ng Sikolohiyang Pilipino

Ika-30 ng Oktubre 2021

Mahal na _____:

Isang mainit na pagbati mula sa pamunuan ng **Pambansang Samahan sa Sikolohiyang Pilipino (PSSP)**.

Taon-taon, nagtataguyod po ng Pambansang Kumperensiya ang PSSP, isang panlipunan at propesyonal na organisasyong itinatag noong 1975 na may misyong palaganapin ang Sikolohiyang Pilipino (SP) sa iba't ibang sektor ng lipunan bilang isang inter-disiplinaryo at maka-Pilipinong pananaw at pamamaraan.

Katuwang ang **UP Visayas Tacloban College-Division of Social Sciences (UPVTC-DSS)**, gaganapin *online* ang ika-45 Pambansang Kumperensiya sa Sikolohiyang Pilipino na may temang **"#TindogTayo: Pagbangon at Paninindigan para sa Sarili, Kapwa, at Bayan"*** sa 25-27 Nobyembre 2021.

Layunin po ng kumperensiya ang sumusunod: 1. talakayin ang mga karanasan ng pagbangon para sa sarili, kapwa, at bayan; 2. suriin ang kahulugan ng paninindigan sa karanasang Pilipino; 3. magtampok ng mga bagong pananaliksik sa kultura, lipunan at sikolohiyang Pilipino; at 4. magbahagi ng mga kaalaman at kasanayan sa Sikolohiyang Pilipino.

Kaugnay nito, nais naming anyayahan ang inyong mga kaguruan, kawani, at mag-aaral na dumalo sa nabanggit na kumperensiya. Ang bayad sa pagdalo ay ang sumusunod:

- **Php900** (Kasaping Panghabambuhay ng PSSP; Kasaping Propesyonal ng PSSP na bayad ng membership fee sa taong 2021; Tagapaglahad ng Papel)
- **Php1,200** (Di-Kasapi ng PSSP; Kasaping Propesyonal ng PSSP sa mga nakaraang taon pero HINDI bayad ng membership fee sa taong 2021)

*CPD Units: RSW (10.5); RGC (8); RPsy, RPm, LPT (In-Process)

DMO email
11/3/21

- **Php1,900** (May kasamang membership sa PSSP sa taong 2022; Kailangang sagutan ang Online Membership Form: <http://bit.ly/psspmembershipform>)
- **Php300** (Kasalukuyang mag-aaral sa kolehiyo; Kailangang magpadala ng proof of enrolment at kopya ng current student ID kasama ng proof of payment)
- **Php500** (May kasamang membership sa PSSP sa taong 2022 para sa kasalukuyang mag-aaral sa kolehiyo; Kailangang magpadala ng proof of enrolment at kopya ng current student ID kasama ng proof of payment; Kailangang sagutan ang Online Membership Form: <http://bit.ly/psspmembershipform>)

Maaari pong magpadala ng inyong bayad sa aming China Banking Corporation (Chinabank) account gamit ang mobile banking app (sa pamamagitan ng InstaPay o PESONet), mobile wallet (GCash, PayMaya, GrabPay, DiskarTech, atbp), o sa kahit saang branch ng China Banking Corporation (Chinabank). Narito po ang detalye ng aming account:


Account Name: **National Association for Sikolohiyang Pilipino Inc.**
 Alternatibong Account Name para sa Online Fund Transfer Lamang: **NASPI**
 Account Number: **114202018446 (Savings Account)**
 Branch: **China Banking Corporation (Chinabank) Corinthian Hills, Quezon City**


Lahat ng tseke ay DAPAT nakapangalan sa "National Association for Sikolohiyang Pilipino Inc." HINDI tatanggapin ang tseke na "NASPI" lamang ang nakasulat. Ang bayad ay NON-REFUNDABLE ngunit TRANSFERABLE.

Lahat ng kalahok ay dapat magpatala sa *online registration form*: tinyurl.com/pksp45pagpapatala. Magiging opisyal lamang ang rehistrayon kapag natanggap na namin ang bayad at at naipadala sa pssp-online@gmail.com ang katumayan ng bayad.

Umaasa po kami sa inyong positibong tugon. Maraming salamat po.

Lubos na gumagalang,


Prop. Darren E. Dumaop
 Pamantasang De La Salle
 Convenor, Kumperensiya 2021
 Pangalawang Pangulo, PSSP


Dr. Jose Antonio R. Clemente
 Unibersidad ng Pilipinas Diliman
 Pangulo, PSSP